WCB FACTS 2020

# HALIMBAWANG MGA PAGKALKULA NG BENEPISYO PARA SA MGA BOLUNTARYONG MANGGAGAWA PARA SA EMERHENSYA

Ang fact sheet na ito ay naaangkop sa mga Boluntaryong Manggagawa para sa Emerhensya. Itinatala nito kung paano kinakalkula ng WCB ang mga benepsiyo sa kawalan ng suweldo para sa mga manggagawang ito at nagbibigay ng ilang halimbawang mga pagkalkula para sa iba't-ibang antas ng kita.

Mangyaring tingnan ang fact sheet na tinatawag na mga Boluntaryong Manggagawa para sa Emerhensya para sa impormasyon sa inyong saklaw.

Kung ikaw ay magtatamo ng isang kawalan ng mga kita para sa isang maikling panahon (mababa sa 24 na naipong mga buwan), ang iyong mga benepisyo ay ibabatay sa mas mataas sa:

- ½ ng Industrial Average Wage (IAW), o
- iyong aktwal na mga kita bago mapinsala.

Kung ikaw ay nakatamo ng pangmatagalang kawalan ng mga kita o napinsala na nakakamatay, ikaw o ang iyong asawa ay tatanggap ng mga benepisyo na batay sa mas mataas sa:

- buong IAW, o
- iyong aktwal na mga kinikita bago mapinsala.

Para sa mga pinsala noong o pagkaraan ng Enero 1, 2006, walang pinakamataas na limitasyon ang mga kita na maaaring isiguro para sa mga regular na manggagawa.

**Halimbawang mga Pagkalkula ng Benepisyo para sa mga Boluntaryong Manggagawa para sa Emerhensya**

- ½ ng Industrial Average Wage (IAW) para sa 2020: $24,590.28
- Ang buong Industrial Average Wage (IAW) para sa 2020: $49,180.56

### Walang asawa na Walang mga Umaasa

| | Kabuuan (Walang bawas) na Taunang Suweldo | Kabuuan (Walang bawas) na Lingguhang Suweldo | 100% Aktwal na Halaga o Neto (Lingguhan) | 90% Neto Sheltered (Lingguhan)* | 100% Neto Sheltered (Lingguhan)* |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| **½ IAW** | $0 - $24,590.28 | $472.89 | $379.89 | n/a | $364.66 |
| | | | | | |
| **Buong IAW** | $49,180.56 | $945.78 | $704.14 | $616.96 | n/a |
| **Aktwal na mga kita** | $25,000 | $480.77 | $379.89 | n/a | $364.66 |
| | $62,000 | $1,192.31 | $861.81 | $753.36 | n/a |

### Kasal, Asawa ay Hindi Nagtatrabaho, Dalawang Umaasa

| | Kabuuan (Walang bawas) na Taunang Suweldo | Kabuuan (Walang bawas) na Lingguhang Suweldo | 100% Aktuwal na Halaga o Neto (Lingguhan) | 90% Neto Sheltered (Lingguhan)* | 100% Neto Sheltered (Lingguhan)* |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| **½ IAW** | $0 - $24,590.28 | $472.89 | $438.12 | n/a | $437.26 |
| **Buong IAW** | $49,180.56 | $945.78 | $768.74 | $658.51 | n/a |
| **Aktwal na mga kita** | $25,000 | $480.77 | $438.12 | n/a | $437.26 |
| | $62,000 | $1,192.31 | $924.01 | $792.74 | n/a |

Para sa mga pinsalang naganap sa o makalipas ang Enero 1, 2006, ang mga benepisyo sa kawalan ng suweldo sa WCB ay batay sa:

- 90% ng netong halagang nawala sa iyong kita, o
- 100% ng netong halagang nawala sa iyong kita kung ang iyong aktuwal na mga kinita bago ang pinsala ay mas kaunti o katumbas ng pinakamababang taunang mga kita na naitatag ng WCB na nagkabisa sa petsa nang ikaw ay mapinsala o

- 100% ng pinakamababang taunang kita na naitatag ng WCB na may bisa sa petsa nang ikaw ay mapinsala kung ang iyong aktuwal na mga kita ay mas mataas kaysa sa pinakamababang taunang kita ngunit ang pinakamababang taunang kita ay magbibigay sa iyo ng mas mataas na benepisyo.

Ang pinakamababang taunang kita na nagkabisa noong Oktubre 1, 2019, ay $24,232, at walang pagbabago sa Enero 1, 2020.

Abiso:
*Ang 90% Net Sheltered at 100% Net Sheltered na mga halaga ay kumakatawan sa buong lingguhang mga benepisyo sa kawalan ng suweldo na natatanggap ng isang napinsalang manggagawa mula sa WCB kung siya ay wala nang iba pang kita kasunod ng pinsala, batay sa mga antas ng taunang kita na ipinapakita.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.